1

"Exquisite!" patiling sabi ni Sasha nang bumungad sa kanyang mga mata ang bago niyang obra maestra.

"Do you think so?" nagdududang tanong ni Adrianna Marcelo na hindi magawang tuluyang lumabas sa fitting room ng *Sasha Lopez Inc.* studio.

"Of course." Nilapitan niya ito at hinila palabas ng maliit na silid. "Look at yourself, Pretty Woman," utos niya at marahang itinulak ang kliyente sa harap ng life-size mirror. "Hindi ba na-diffuse ng color ng damit mo ang no-nonsense-let's-go-to-business image mo?"

"I don't know," iling nito habang pinagmamasdan ang sariling repleksyon sa salamin. Tumagilid ito para tingnan ang sideview ng suot nito na isa sa *Lala Calumpit* khaki collection. "Don't you think it's a bit… cute for me?"

"Cute is when you only wear pastel colors." Kinuha niya ang digital camera at itinutok iyon kay Adrianna para kuhanan ng litrato ang outfit nito. "Kaya ko nga pinag-mix ang long pink camisole at modern fit flare khakis para may career woman effect. Then you can always add this khaki blazer para ma-accentuate ang seriousness ng outfit."

"But don't you think it's too—"

"Wait." Pinigilan niya ito sa pagsasalita. Ibinaba niya ang digicam at pinagmasdang maigi ang suot nito. "Oh!" aniya nang ma-realize kung ano ang kulang sa outfit nito.

Iniwan niya ito saglit at tinungo ang isang shelf na animo mga stocks ng isang accessories store. Kinuha niya ang isang jeweled brooch at humalbot na rin ng suede tote bag.

"These are necessities," anunsyo niya habang ipini-pin sa blazer ang brooch at inilagay sa balikat nito ang bag. Muli niyang sinuyod ang hitsura nito. "Exquisite!" she cried once more at her masterpiece.

Isang alanganing ngiti ang ibinigay sa kanya ng kausap. Obviously, skeptic ito sa sinabi niya.

"Look, Adrianna," aniya. "You've hired me to be your fashion stylist, di ba? You are able and willing to pay huge amount of money for my professional fee. Trabaho ko ang masigurong maganda ang mga isusuot mo. Hindi ako pipili ng mga damit na hindi babagay sa iyo at hindi maganda sa paningin ng tao. Dahil kung mangyayari iyon, you're a bad dresser for a day, I'm a bad stylist for a long time. You get me?"

"I get you," nahihiyang sabi nito pagkatapos ay niyakap siya. "Don't take it like I don't trust you, okay? Bakit ba parang pinagkaitan ako ng creativity pagdating sa color coordination."

"Worry not," pampalubag-loob niya rito. "Kung hindi ka pinatutulog ng pagbabalita, hindi naman ako pinatutulog ng

pag-iisip ng damit na isusuot mo."

Sa wakas ay napanatag si Adrianna. "I'm so sorry, Sasha, ha? It's just I'm a perfectionist and a worrier."

"Kung perfectionist ka, control freak ako. Trust me, you and I will be a great team."

"Sasha, nag-email ang *Demure* magazine," pagbibigay-impormasyon ni Bennet sa kanya pagkapasok pa lamang niya sa studio.

"What about?" Inilapag niya ang kanyang *Miu Miu* tote bag sa mesa at naupo sa swivel chair na katabi ng silya ng fashion assistant. Binuksan niya ang laptop para i-update ang *Twitter* at *Facebook* account.

"*Demure* people emailed you for an interview. Plano daw nilang i-feature ang isa sa mga pinagkakatiwalaang fashion stylists dito sa bansa. At ikaw iyon."

"Oh yeah?" Akala niya ay mayroon siyang photo shoot na kailangang i-style ang mga modelo, kaya siya kinontak ng *Demure* magazine.

"What, Sasha? Gusto mo?" maingat na tanong ng assistant niya.

"Pag-iisipan ko muna," sagot niya.

"Normally, pinagbibigyan mo agad ang *Demure* kapag nag-re-request sila," puna nito.

"I'm too... busy these days, Bennet," esplika niya. "May mga bagong kliyente. May photo shoot ng iba't ibang designers 'tapos nalalapit na ang awards season. There's too much on my plate at the moment."

"Okay." Tumango si Bennet. "Sabihin ko sa kanila na you need time to think it over."

Demure magazine has a special place in Sasha's heart. Dito siya nagkaroon ng on-the-job-training noong nasa kolehiyo siya. Nang maka-graduate naman ay na-absorb siya bilang fashion assistant. Then she became the fashion stylist. Doon nahasa ang talent niya sa pag-co-coordinate ng wardrobes. Doon niya natutunan ang ins and outs of fashion. Doon niya nakilala ang mga taong sikat sa larangan ng industriyang napili.

Ngunit pagkatapos ng limang taon na pagiging fashion stylist sa *Demure*, na-realize niyang wala nang patutunguhan ang kanyang career. Because being *the fashion stylist* editor was the highest position she wanted and she had it for quite a while.

So she took a great risk and leap of faith. She decided to build her own company less than three years ago. She created her own team.

Malaki naman ang naitulong ng good working relationship niya sa mga designers, photographers at retailers na affiliates

ng *Demure*. She had managed to depend on them when she was starting her new venture.

She made a great career move. Unang-una, wala siyang boss. Pangalawa, she was earning a whole lot bigger compared to what she was getting when she was a hired employee. Pangatlo, gumawa siya ng sariling pangalan sa larangan ng fashion.

Ang mga clients niya ay big-time actresses, broadcast journalists at singers. Siya ang takbuhan ng mga taong may problema sa wardrobe coordination. Siya ang personal shopper ng mga fashionable people na sobrang busy at wala nang oras na mag-isip pa ng mga damit na isusuot sa mga importanteng functions na pupuntahan.

Siya, si Sasha Lopez, ang pinaka-busy na independent fashion stylist ng bansa. And speaking of busy, nilingon niya si Bennet. “Have you scored some invites for *Tokyo Fashion Week*?”

“Yes,” tango nito at binuklat ang planner para masigurong tama ang isasagot nito. “Three Japanese fashion designers in five days ang pupuntahan mo.”

“Good!” aniya.

“Okay.” Muli nitong hinarap ang sariling laptop. Obviously, sinisimulan na nitong gawin inutos niya.

“Sasha, may audition kang pupuntahan ngayon.”

“Oh, shoot!” Marahan niyang tinapik ang noo.

Nagmamadali siyang tumayo upang puntahan ang audition ng mga models na kailangan niyang i-supervise. She was hired by *Belle* magazine as the fashion stylist for their upcoming summer edition.

At dahil siya ang fashion stylist, trabaho niyang pangasiwaan ang pagpili ng mga models, swimwears, accessories, ultimo pagpili ng location.

"Relaxation time at last," Sasha said longingly as she stepped in her luxurious bathtub with foamy lavender and chamomile bubblebath. "Ahh! That's better," sabi niya nang ilublob ang pagal na katawan sa tubig.

Ipinasak niya sa tainga ang earphones ng *iTouch* at pumili ng jazz music para ma-relax din ang isip niya. Inabot niya ang wineglass na may lamang eiswein na regalo ni Adrianna.

So much for her thirst of relaxation.

Sakto naman nang pagbukas niya ng mga mata ay nakikita niya ang pagbi-blink ng kanyang *BlackBerry*. Wala siyang choice kundi sagutin iyon dahil lahat ng tawag sa cellphone niya na iyon ay business.

"Bennet," bati niya sa caller. "Na-a-appreciate ko ang dedication mo sa trabaho, pero alam mo ba kung anong oras na?

"Nakatulog na ako, Sasha," sabi nito na halata nga sa boses

na kagigising lang. “Ikaw? Kauuwi mo lang?”

“Yeah, tumakas lang ako sa party,” sagot niya. Galing kasi siya sa post-opening party ng boutique ni Lala Calumpit. Kaibigan niya ang designer, kaya wala siyang choice kundi makisaya sa event na iyon.

“Remind lang kita na may flight ka bukas, ten o’clock dapat ay nasa airport ka na. Para sa photo shoot ng *Belle* magazine summer edition.”

“Drat!” aniya. Hindi pa pala siya nakakapag-empake ng gamit. She was a heavy traveler. Kahit gaano kalapit ang pupuntahan niya ay importante sa kanyang bitbit ang lahat ng kailangan niya or else may migraine siya buong araw. And that photo shoot was important. Camarines Sur ang location. “You’re an angel, Bennet, but I have to go. Mag-e-empake pa ako—”

“No need,” putol nito. “Nagpunta kami d’yan ni Andie kanina. Kami na ang nag-empake para sa iyo, dahil alam naming wala kang time.”

Unti-unting nag-subside ang panic attack niya. “You are both my angels, you girls, I love you!”

“Yeah!” Tumawa ito. “At huwag mo nang buksan ang mga maleta mo para i-double check kung kompleto ang mga gamit na kakailanganin mo sa Cam Sur.”

“Okay, you go back to sleep, *Angel*!” aniyang tuluyan nang

nakahinga nang maluwang.

"No, not yet!" mabilis nitong sabi. "Gustong malaman ng *Demure* kung willing ka doon sa interview."

Sumimsim muna siya ng eiswein bago ipagpatuloy ang pakikipag-usap dito. "Ano ba ang agenda ng interview?" kunwa'y tanong niya.

"Successful single career women."

"Tell *Demure* people that I love them so much, pero hindi ngayon ang proper time para gawan ako ng article. Pakisabi sa kanila I'm super busy."

"But, Sash—"

"Please, sleep, Bennet! We'll talk right after the shoot." Pagkasabi niyon ay kaagad niyang pinindot ang off button.

Nang marinig niya ang 'single career women' ay pumasok sa isip niyang madadawit ang romance status niya. Sigurado siyang itatanong sa interview ang dahilan kung bakit sa edad at estado niya ay single pa rin siya. Hindi niya gustong sagutin ang tanong na iyon.

Mas gusto niyang i-assume ng marami na busy siya sa career. Na ang trabaho ang natatanging dahilan kung bakit kalimitan sa mga naging relasyon niya ay pulos dysfunctional.

But if truth be told, she had been trying to mend a non-

mendable broken heart. Mayroong isang bagay sa kanyang nakaraan na hindi niya magawang kalimutan. There was something in her past that made her who she was. And that was something she wanted to remain private.